FINANCIAL SECTOR FORUM

# PAALAALA

## MGA DAPAT TANDAAN UPANG MAPANGALAGAAN ANG INYONG "FINANCIAL INVESTMENTS"

1. Pag-aralang mabuti ang "financial product" na inaalok. Unawaing mabuti ang mga termino at kondisyones na nakaimprenta sa dokumento.

   Huwag bumili kung hindi naiintindihan ang produkto o anumang termino at kondisyones nito.

2. Kung ang alok ay napakaganda, malamang na ito ay hindi matutupad.

   Iwasan ang "pyramiding", kasama na ang mga produktong binebenta sa "internet", na nanghihikayat na kumuha ng iba pang "investors" kapalit ng mas malaking kita.

3. Siguraduhin na nakarehistro sa Securities and Exchange Commission (SEC) ang mga "investment product" na inaalok, kasama na ang mga binebenta sa "internet". Kung ang produkto ay "insurance", ito ay dapat may pahintulot ng Insurance Commission (IC).

   Ang pagkakaroon ng isang kumpanya ng "Certificate of Incorporation" na galing sa SEC ay hindi nangangahulugan na ang "investment product" ng naturang kumpanya ay may pahintulot ng SEC.

4. Kilalaning mabuti ang kumpanyang pinanggalingan ng "investment product" at ang mga taong nagpapatakbo nito. Ang mga "investment product" na galing sa mga bangko ay dapat may pahintulot ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

5. Makipag-transaksyon lamang sa mga ahente o "broker" na lisensyado ng SEC.

   Kung ang "investment product" ay galing sa mga bangko, makipag-transaksyon lamang sa mga empleyadong may pahintulot ng mga naturang bangko.

6. Ang mga "investment product" ay hindi nakaseguro o "insured" sa Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC).

7. Itago ang katibayan ng "investment" tulad ng resibo, kontrata, kasunduan o "certificate" at mga dokumentong kahalintulad nito, sa isang ligtas na lugar.

Para sa karagdagang impormasyon, maaari kayong bumisita sa "website" ng BSP (www.bsp.gov.ph), SEC (www.sec.gov.ph) at IC (www.insurance.gov.ph).

**Para sa iba pang katanungan, maaari kayong makipag-ugnayan sa mga sumusunod:**

The Head
**Financial Consumer Affairs Group**, CSSS, Supervision and Examination Sector
BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS, A. Mabini St., Malate, Manila 1004
E-mail: consumeraffairs@bsp.gov.ph • Tel.No.: 524-7011 local 2584;523-3631 (DL)

The Director
**Corporation Finance Department**
SECURITIES AND EXCHANGE COMMISSION, SEC Bldg. EDSA, Greenhills, Mandaluyong City
E-mail: justina.callangan@sec.gov.ph • Tel. No.: 584-6103

The Head
**Public Assistance and Information Division**
INSURANCE COMMISSION, 1071 United Nations Ave., Manila 1000
E-mail: pubassist_ic@yahoo.com • Tel. No.: 523-8461 to 70 local 103 or 104